Miracles ✦

LET HIM BE KNOWN

# Pinagaling ang Lalaking Ipinanganak na Bulag

WEEK 6

## WARM-UP

- Nanalo ka na ba ng isang parangal o pagkilala para sa isang bagay? Para saan ito?
- Ibahagi ang naging karanasan mo nang mawalan kayo ng kuryente sa gabi. Ano ang naramdaman mo?
- Kailan ka huling naghanap ng isang bagay (hal. susi, damit, at iba pa) sa bahay? Mahirap ba itong hanapin?

## WORD

[5]*Habang ako ay nasa mundong ito, ako ang ilaw na nagbibigay-liwanag sa mga tao.”* [6]*Pagkasabi niya nito, dumura siya sa lupa, gumawa ng putik mula sa dura at ipinahid niya sa mata ng bulag.* [7]*Sinabi ni Jesus sa bulag, “Pumunta ka sa paliguan ng Siloam at maghilamos ka roon.” (Ang ibig sabihin ng Siloam ay “Sinugo”.) Pumunta nga roon ang bulag at naghilamos. Nang bumalik siya ay nakakakita na siya.* **JUAN 9:5–7**

(Basahin din ang **JUAN 9:1–4.**)

Nadaanan ni Jesus at ng mga disipulo Niya ang isang lalaking bulag, na naisip ng mga disipulo na nabulag dahil sa kasalanan. Dahil hindi na siya nakakita mula pa nang ipinanganak siya, tila imposible nang gumaling pa ang lalaki. Sa paglagay Niya ng putik sa mga mata ng bulag na lalaki, mabilis siyang napagaling ni Jesus. Pinagaling ni Jesus ang bulag na lalaki hindi dahil sa kung sino siya o anumang ginawa niya. Isa itong himala kung saan ang imposibleng sitwasyon ay naging isang kamangha-manghang kwento ng kapangyarihan at biyaya ng Diyos. Ngayon, titingnan natin ang buhay ng lalaking ito mula sa pagiging puno ng kadiliman, hanggang sa pagdating ng liwanag at kaluwalhatian ng Diyos sa kanyang buhay.

## 1 Madilim ang mundo ng bulag na lalaki.

*[1]Habang naglalakad si Jesus, may nakita siyang isang lalaki na ipinanganak na bulag. [2]Tinanong si Jesus ng mga tagasunod niya, "Guro, sino po ba ang nagkasala at ipinanganak siyang bulag? Siya po ba o ang mga magulang niya?"* **JUAN 9:1–2**

Ang lalaki sa kwentong ito ay hindi lamang nasa pisikal na kadiliman dahil sa kanyang pagkabulag. Dahil mababa ang tingin sa kanya sa lipunan, pasan ng taong ito ang bigat na hindi pisikal na nakikita. Napapaligiran siya ng emosyonal at panlipunang kadiliman. Kailangan niya ng liwanag sa kanyang buhay. Nilapitan ni Jesus ang lalaking bulag upang pagalingin siya, subalit higit pa sa paningin ang ibinigay ng himalang ito sa kanya. Ibinigay ni Jesus ang liwanag na nakikita ng mata at ang liwanag na mula sa tagumpay laban sa kadilimang kinaroroonan niya. Paano nakita ang kaluwalhatian ng Diyos sa pamamagitan ng bulag na lalaki?

................................................................

................................................................

................................................................

## 2 Dumating si Jesus upang bigyan ng liwanag ang bulag na lalaki.

*[6]Pagkasabi niya nito, dumura siya sa lupa, gumawa ng putik mula sa dura at ipinahid niya sa mata ng bulag. [7]Sinabi ni Jesus sa bulag, "Pumunta ka sa paliguan ng Siloam at maghilamos ka roon." (Ang ibig sabihin ng Siloam ay "Sinugo".) Pumunta nga roon ang bulag at naghilamos. Nang bumalik siya ay nakakakita na siya.* **JUAN 9:6–7**

Walang bagay o sinumang makapagpapagaling sa bulag hanggang sa puntahan siya ni Jesus. Kakaiba ang paraang pinili ng Diyos upang pagalingin siya—nilagyan Niya ng putik ang mga mata ng lalaki. Mula sa isang ordinaryong bagay na tulad ng putik ay nagkaroon ng isang himala. Bago gumaling ang bulag, pinakilala ni Jesus ang sarili Niya bilang *ilaw na nagbibigay-liwanag sa mga tao* (Juan 9:5). Pinatunayan nito na Siya lamang ang makakasagot sa mga pangangailangan ng lalaki. Siya lamang ang nag-iisang makapagbibigay-liwanag sa madilim na mundo ng bulag na lalaki at sa ating madilim

na mundo ngayon. Ano sa palagay mo ang ipinapahayag ng paggamit ni Jesus ng ordinaryong mga bagay gaya ng putik tungkol sa paraan Niya ng paggawa ng mga himala?

## 3 Dumating si Jesus upang magbigay-liwanag sa mundo ang kaluwalhatian ng Diyos.

*[3]Sumagot si Jesus, "Hindi siya ipinanganak na bulag dahil nagkasala siya o ang mga magulang niya. Nangyari iyon para maipakita ang kapangyarihan ng Diyos sa pamamagitan ng pagpapagaling sa kanya. . . . [5]Habang ako ay nasa mundong ito, ako ang ilaw na nagbibigay-liwanag sa mga tao."* **JUAN 9:3, 5**

Hindi nangyari ang himala dahil karapat-dapat gumaling ang bulag. Pinagaling ni Jesus ang lalaki dahil sa kung sino Siya—ang ilaw ng sanlibutan. Nagbigay ng liwanag si Jesus sa buong mundo, hindi lamang sa isang tao. Ang pagbibigay-liwanag sa isang tao na nakakakita na ay patikim lamang ng nais gawin ni Jesus sa krus. Si Jesus ang ilaw na nagiging dahilan upang makapagbigay liwanag sa mundo ang kaluwalhatian ng Diyos. Dumating Siya hindi lamang upang gumawa ng himala para sa mga tao; dumating Siya upang akayin ang mga tao tungo sa Diyos sa pamamagitan ng mga himala. Ano ang ibig sabihin nito sa kaluwalhatian ng Diyos, sa ilaw Niya na magbibigay-liwanag sa buong mundo?

Sa pang-anim na tandang itinala sa Aklat ni Juan, ipinakilala ni Jesus ang Kanyang sarili bilang ilaw ng sanlibutan. Sa gitna ng kadiliman, si Jesus ang ilaw na nagbibigay ng direksyon, liwanag, at kalinawan sa ating buhay. Sa kadilimang bumabalot sa mundong ito ngayon, higit na maipapahayag ang kaluwalhatian ng Diyos.

## APPLICATION

- Natanggap mo na ba ang liwanag ni Jesus sa iyong buhay? Kung gayon, paano nabago ang buhay mo? Kung tatanggapin mo pa lamang Siya bilang liwanag, nais mo bang gawin ito at manalangin nang may kasama ngayon?
- Ano ang natatanging bahagi sa buhay mo na nangangailangan ng liwanag ng Diyos? Paano nangungusap ang mensahe ngayon sa bahaging ito ng buhay mo?
- Ano ang magagawa mo upang dalhin ang liwanag ni Jesus sa iba ngayong linggo? Ipanalangin ang isang taong hindi pa tumanggap kay Jesus bilang Panginoon at Tagapagligtas. Humingi ng pagkakataon sa Diyos upang maipakita sa kanya ang katotohanan ng ebanghelyo.

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa tagumpay ni Jesus laban sa kadiliman sa mundo at sa mga buhay natin. Ipanalangin na mapanghawakan mo ang katotohanang ito sa kabila ng mga pagsubok sa buhay.
- Ipanalangin na patibayin ng Diyos ang iyong pananampalataya sa mga paghihirap na kinakaharap mo ngayon.
- Ipanalangin na patuloy na magliwanag ang ilaw ni Jesus sa buhay mo, at maging saksi ka sa mga taong nangangailangan din nito.

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2023 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Leo Angcajas Jr., Esther Suson

victory.org.ph